**God’s Truth About Your Gender**
**Ang Katotohanang Mula Sa Diyos Patungkol sa Iyong Kasarian**
By Tim Swanson www.swansonmission.com

God intentionally created you, your soul and your body because He values you. God has given you a specific sexual identity. God has already chosen your sexual identity. He created you to be that specific gender. Sometimes, people react to their environment, feelings, and friends and become unsure of their gender. They feel like their spirit and their body are mismatched. Although these feelings are real, the answer is very clear: God created them either male or female and their body matches that gender. God did not create them to be homosexual, transgender, lesbian or bisexual. This is a false sexual identity that does not match the person that God created them to be. Gender is not fluid or changeable. God has created a sexual identity for each person, which is either male or female.

Nilikha ka ng Diyos, ang iyong kaluluwa at ang iyong katawan dahil pinahahalagahan ka Niya. Binigyan ka ng Diyos ng espesipikong pagkakakilanlan ng kasarian. Pinili na ng Diyos ang iyong kasarian bago ka pa ipanganak. Nilikha ka Niya na may espisipikong kasarian. Minsan, nagrereact ang mga tao sa nakapaligid sa kanila, sa pakiramdam, at sa mga kaibigan at kanilang tinitiyak ang kanilang kasarian. Ang pakiramdam nila ay hindi tugma ang kanilang espiritu at katawan. Kahit na totoo ang ganitong nararamdaman, ang sagot ay napaka linaw: Nilikha sila ng Diyos na lalaki o babae at ang katawang iyon ay tugma sa kanilang kasarian. Hindi sila nilikha ng Diyos na bakla, transgender, tomboy o bisexual. Ito ay isang kasinungalingang seksual na pagkakakilanlan na hindi tumutugma sa kanilang dapat na pagkatao na nilikha ng Diyos. Hindi napapalitan ang kasarian. Nilikha ng Diyos na lalaki o babae ang seksual na pagkakakilanlan ng bawat tao.

If you want to know your authentic sexual identity, learn from God’s truths about you. Your life should be built on God’s truth, not on the unstable foundation of your own ideas and feelings. God cares about you and wants you to live in your authentic, God-given sexual identity. Let’s answer the questions: How does He know you? How does God know your gender?

Kung gusto mong malaman ang tunay na pagkakakilanlan ng iyong kasarian, alamin ang tungkol sa iyo mula sa katotohanang nagmumula sa Diyos. Ang iyong buhay ay dapat na naitayo sa katotohanang nagmumula sa Diyos, hindi mula sa iyong sariling palagay at mga nararamdaman. Nagmamalasakit ang Diyos sa iyo at nais Niyang mamuhay ka sa iyong tunay na pakakakilanlan na ibinigay ng Diyos sa iyo. Sagutin natin ang mga tanong: Gaano ka Niya kakilala? Gaano kaalam ng Diyos ang iyong kasarian?

**Truth #1 God knew YOU and your gender before He gave you a body.**
**“Before I formed you in the womb I knew you**.” Jeremiah 1:5a. God knew who you would be before He created your body. God knew if you would be a little boy or a little girl inside of the body that He was going to create for you. When you were created, your body matched the gender of your spirit.

**Katotohanan #1 Kilala KA ng Diyos at ang iyong kasarian bago ka pa man bigyan ng katawan.**
**“Bago ka pa ipinaglihi at ipanganak ay pinili na kita.”** Jeremias 1:5a. Alam ng Diyos kung sino ka bago pa Niya likhain ang iyong katawan. Alam ng Diyos kung ikaw ay magiging batang lalaki o batang babae sa loob ng katawan ng kanyang lilikhain para sa iyo. Noong ikaw ay likhain ang iyong katawan ay tugma sa iyong espiritu.

**Truth #2: God intentionally created YOUR body.**
**"For You formed my inward parts;** You covered me in my mother's womb. [14] I will praise You, for **I am fearfully *and* wonderfully made**; Marvelous are Your works, and *that* my soul knows very well." Psalm 139:13-14. God decided who YOU would be and He created YOUR body to match YOU. Your body is marvelous because God intentionally created your body for you. Receive this truth. You have a great body. Some hate their body. This is an external attack based on lies. Your body is God's wonderful creation. Instead of disliking your body, choose to appreciate and steward God's creative genius.

**Katotohanan #2 Ninais na likhain ng Diyos ang IYONG katawan**
**"Ang anumang aking sangkap**, ikaw, O Diyos, ang lumikha, sa tiyan ng aking ina'y hinugis mo akong bata. Pinupuri kita, O Diyos, **marapat kang katakutan, ang lahat ng gawain mo** ay kahanga-hangang tunay; sa loob ng aking puso, lahat ito'y nakikintal." Mga Awit 139:13-14. Ipinasya ng Diyos kung magiging sino KA at nilikha Niya ang iyong katawan na tutugma sa IYO. Kahanga-hanga ang iyong katawan dahil nilayon ng Diyos na likhain ang iyong katawan para sa iyo. Tanggapin mo ang katotohanang ito. Mayroon kang magandang katawan. Ang iba ay galit sa kanilang katawan. Ito ay panlabas na pag-atake na mula sa mga kasinungalingan. Ang iyong katawan ay isang magandang likha ng Diyos. Sa halip na ayawan mo ang iyong katawan, piliin mong pahalagahan at pagkatiwalaan ang matalinong likha ng Diyos.

**Truth #3: God created you in three parts: Spirit, Soul and Body.**
"For the word of God *is* living and powerful, and sharper than any two-edged sword, piercing even to the division of **soul and spirit**, and of joints and marrow, and is a discerner of the **thoughts** and intents of the **heart**." Hebrews 4:12. Your spirit is YOU. Your soul is where you think, feel, love, and make decisions. Your body is the physical part of you that acts out your thoughts, feelings, and decisions. Your SOUL has the same gender as your SPIRIT. Your SPIRIT has the same gender as your BODY. Your SPIRIT, BODY, and SOUL all match in gender. All of you is created to match.




**Katotohanan #3 Nilikha ka ng Diyos sa tatlong bahagi: Espiritu, Kaluluwa at Katawan.**
"Ang salita ng Diyos ay buháy at mabisa, mas matalas kaysa alinmang tabak na sa magkabila'y may talim. Ito'y tumatagos maging sa kaibuturan ng **kaluluwa at espiritu**, ng mga kasukasuan at buto, at nakakaalam ng mga **iniisip** at binabalak ng **puso**." Mga Hebreo 4:12. Ang espiritu mo ay IKAW. Ang kaluluwa mo ay ang iyong iniisip, nararamdaman, pag-ibig at mga ginagawang disisyon. Ang iyong katawan ay ang pisikal mong bahagi na siyang nagpapakita ng iyong mga iniisip, nararamdaman, at mga disisyon. Ang iyong KALULUWA ay katulad ng Kasarian ng iyong ESPIRITU. Ang iyong ESPIRITU ay kahalintulad ng kasarian ng iyong KATAWAN. Ang iyong ESPIRITU, KATAWAN at KALULUWA ay magkakatugma ng kasarian. Ang lahat ng nasa iyo ay nilikhang magkakahalintulad.




**Truth #4: God didn't make a mistake and give your body a different gender than your spirit.**
"Remember the things I have done in the past. For I alone am God! I am God, and there is none like me. [10] Only I can tell you the future before it even happens. **Everything I plan will come to pass,**

**for I do whatever I wish."** Isaiah 46:9-10 Do you believe that God made a mistake? Are you a boy in a girl's body? Or, are you a girl with a boy's soul? The Bible says that God doesn't make mistakes. Your spirit, soul and body all share the same gender. You are either a boy with a boy's soul and body. Or, you are a girl, with a girl's soul and body. God planned for YOU before He created YOU. When you choose to view your body as a different gender than your spirit, you are not experiencing your authentic gender. When you allow your soul to think and feel as a false gender, you are not experiencing your true, authentic gender. You are choosing an identity that is false. God decided your gender before He created you. God didn't make a mistake on His creation, when He made you.

**Katotohanan #4 Hindi nagkamali ang Diyos at iba ang naibigay na kasarian sa iyong espiritu sa katawan.**
"Alalahanin ninyo ang mga nakaraang pangyayari. Inyong kilalaning ako lamang ang Diyos, at maliban sa akin ay wala nang iba. Sa simula pa'y itinakda ko na, at aking inihayag kung ano ang magaganap. **Sinabi kong tiyak na magaganap ang lahat ng balak ko, at gagawin ko ang lahat ng gusto kong gawin**." Isaias 46:9-10. Naniniwala ka bang nagkamali ang Diyos? Lalaki ka ba na nasa loob ng katawan ng babae? Babae ka ba na may kaluluwa ng lalaki? Sinasabi ng Biblia na ang Diyos ay hindi nagkakamali. Ang iyong espiritu, kaluluwa at katawan ay may iisang kasarian. Ikaw ay isang lalaki na may lalaking kaluluwa at katawan. Plinano KA na ng Diyos bago KA pa man NIYA likhain. Kung pinili mong tingnan ang iyong katawan na may ibang kasarian kumpara sa iyong espiritu, hindi mo nararanasan ang iyong tunay na kasarian. Kung hinahayaan mo ang iyong kaluluwa na isipin at damahin ang maling kasarian, hindi mo nararanasan ang iyong totoo at tunay na kasarian. Pinili mo ang kasinungalingan ng iyong pagkatao. Ang Diyos ang nagdesisiyon ng iyong kasarian bago ka pa Niya likhain. Hindi nagkamali ang Diyos sa kanyang paglikha, nang likhain ka Niya.

**Enemies of Your Gender:** There are doors in your soul through which gender confusion can enter.

**Kalaban ng iyong kasarian:** May mga pinto sa iyong kaluluwa na maaring makapasok ang pagkalito sa iyong kasarian.

**Idolatry and Being Unthankful:** False worship is a seed for gender confusion or a false sexual identity. God has created you with a specific sexual identity, which perfectly matches your soul and body. God used His authority to decide which gender you will be. You can decide to submit to God's creative choice or to rebel and choose another sexual identity. As a believer, you should decide to worship God and appreciate His creativity. You must choose to be thankful for God's choice of your gender. Worship and thankfulness value and affirm God's character and wisdom. God is wise and created your sexual identity correctly. If you choose to elevate your own ideas or feelings above God's, you are worshipping your own autonomy. You are being unthankful. People have been doing this for a long time. Here's what the Bible says, "For since the creation of the world His invisible *attributes* are clearly seen, being understood by the things that are made, *even* His eternal power and Godhead, so that they are without excuse, 21 because, **although they knew God, they did not glorify *Him* as God, nor were thankful, but became futile in their thoughts, and their foolish hearts were darkened… 24Therefore God also gave them up to uncleanness, in the lusts of their hearts, to dishonor their bodies among themselves,** 25 who exchanged the truth of God for the lie, and **worshiped and served the creature** rather than the Creator, who is blessed forever. Amen. **26 For this reason God gave them up to vile passions.** For even their women exchanged the natural use for what is against nature. 27 Likewise also the men, leaving the natural use of the woman, burned in their lust for one another, men with men committing what is shameful,

and receiving in themselves the penalty of their error which was due.” Romans 1:20-21, 24-27. When you decide that your sexual identity is yours to choose and when you fantasize about being gay or bisexual, you are worshipping yourself. The result is gender confusion. Any type of idolatry can be an open door for sexual confusion to creep into your soul.

**Idolotria at Walang Pagpapasalamat:** Ang hindi totoong pagsamba ang ugat ng pagkalito sa kasarian o maling pagkakakilanlan ng kasarian. Nilikha ka ng Diyos na may espisipikong seksual na pagkakakilanlan, na magkatugma ang iyong kaluluwa at katawan. Ginamit ng Diyos ang Kaniyang kapangyarihan para pagdesisyunan kung ano ang iyong dapat maging kasarian. Pwede kang magdesisyong magpasakop sa magandang ginawa ng Diyos o magrebelde at piliin ang huwad na seksual na pagkakakilanlan. Bilang isang mananampalataya kailangan mong magdesisyon na sambahin ang Diyos at kilalanin ang Kaniyang magandang gawa. Kailangan mong piliin ang pagiging mapagpasalamat sa Diyos sa Kaniyang pagpili sa iyong kasarian. Pagsamba at pagpapasalamat ang pinapahalagahan at kilalanin ang kalikasan at katalinuhan ng Diyos. Maalam ang Diyos at nilikha Niya ng tama ang iyong seksual na pagkakakilanlan. Kung pinipili mong pahalagahan ang iyong sariling kaalaman o nararamdaman nang mas higit pa sa Diyos, sinasamba mo ang iyong pansariling kalayaan. Ikaw ay hindi naging mapagpasalamat. Matagal na itong ginagawa ng mga tao. Ito ang sinasabi ng Biblia, “Mula pa nang likhain ng Diyos ang sanlibutan, ang kanyang likas na hindi nakikita, ang kanyang kapangyarihang walang hanggan at ang kanyang pagka-Diyos, ay maliwanag na inihahayag ng kanyang mga ginawa. Kaya't wala na silang maidadahilan pa. **[21] Kahit na kilala nila ang Diyos, siya'y hindi nila pinarangalan bilang Diyos, ni pinasalamatan man. Sa halip, naghaka-haka sila ng mga bagay na walang kabuluhan kaya't nagdilim ang hangal nilang pag-iisip… [24] Kaya't hinayaan na sila ng Diyos sa kanilang maruruming pagnanasa hanggang sa hindi na nila mapigil ang paggawa ng kahalayan sa isa't isa.** [25] Tinalikuran nila ang katotohanan tungkol sa Diyos at pinalitan ng kasinungalingan. **Sinamba nila at pinaglingkuran ang mga nilikha**, sa halip na ang lumikha, na siyang dapat papurihan magpakailanman! Amen. **[26] Dahil dito'y hinayaan sila ng Diyos sa mahahalay na pagnanasa**. Ayaw nang makipagtalik ng babae sa lalaki ayon sa likas na kaparaanan, at sa halip ay sa kapwa babae sila nakikipag-ugnayan. [27] Ganoon din ang mga lalaki; ayaw na nilang makipagtalik sa mga babae ayon sa likas na kaparaanan, at sa kanilang kapwa lalaki sila nahuhumaling. Ginagawa nila ang mga kasuklam-suklam na bagay, kaya't sila'y paparusahan ng nararapat sa kanilang masasamang gawa.” Mga Taga Roma 1:20-21, 24-27. Pag nagdesisyon ka na ikaw ang magmagpapasya ng iyong kasarian at inisip mo na ikaw ay isang bakla o bisexual, sinasamba mo ang iyong sarili. Ang resulta nito ay ikaw ay mayroong pagkalito sa iyong kasarian. Lahat ng klase ng idolotria ay maaring maging bukas na pinto para malito ka sa iyong kasarian at gagapang sa iyong kaluluwa.

**World:** The world that you live in can pressure you to feel like you are the wrong gender. Music lyrics suggest sexual confusion. Movies and television programs usually feature a person who is gender confused. This person is always happy, fun, smart, and respected. Who do you idolize? What messages do you receive into your soul from movies and music?

**Mundo:** Ang mundo na iyong ginagalawan ay maaring magpresure sa iyo para maramdaman mo na ikaw ay nasa maling kasarian. Mga linya sa mga kanta na nagpapalito ng iyong seksualidad. Mga palabas sa sine at television ay madalas na nagpapalabas ng mga taong nalilito sa kanilang kasarian. Ang taong ito ay laging masaya, nakakatawa, matalino, at ginagalang. Sino ang iyong hinahangaan? Anong imahe ang natatanggap mo sa iyong kaluluwa mula sa mga palabas at musika?

**Trauma:** Friends and family can bully you, tease you and speak a false gender into your soul. You can begin to question your sexual identity because of the words and ideas that others speak over you. Another type of trauma is sexual abuse, which can create a door inside of your soul for questioning your sexual identity. Sexual abuse can create desires inside of you that don't match your spirit and body's gender. Physical abuse can create a rejection of heterosexual love, replacing it with homosexual love. It is important to note that trauma does not always result in gender confusion. But, trauma can be soil in your soul where a seed of false sexual identity can germinate.

**Troma:** Pwede kang ibully ng iyong mga kaibigan at kamag-anak, tutuksuhin ka at sasabihan ng maling kasarian ang iyong kaluluwa. Sisimulan mong tanungin ang iyong seksualidad dahil sa mga sinasabi at mga palagay ng iba sa iyong seksualidad. Iba pang klase ng troma ay ang seksual na pang-aabuso, maari itong lumikha ng pinto sa loob ng iyong kaluluwa upang pagdudahan ang iyong seksualidad. Ang pagkaabuso sa seksualidad ay maaring lumikha sa loob ng iyong katawan ng pagnanasa na hindi ayon sa kasarian ng iyong espiritu at katawan. Ang pisikal na pang-aabuso ay lumilikha ng hindi pagkaibig sa ibang kasarian tulad ng lalaki ay hindi niya magustuhan ang babae o ang babae ay hindi niya magustuhan ang lalaki, at napapalitan ito ng pagkaakit sa kapwa lalaki o babae. Mahalaga na tandaan na ang tromang iyon ay hindi laging nagreresulta ng pagkalito sa kasarian. Ngunit, ang troma ay maaring magmarka sa iyong kaluluwa na kung saan ang binhi ng maling seksualidad ay maaring sumibol.

**Rejection:** God created the family to fill the emotional needs that a child has, especially for growing up with a healthy acceptance of his gender. When a parent is cold, withholding love, and emotionally distant, this creates a sense of rejection. If you have experienced this, you can grow up with an unhealthy understanding of who you are in your authentic gender. Rejection or desertion by a male or female parent can create a need for affirmation from a person of that sex. It is possible that parental rejection can create false sexual identity feelings inside of you. Sometimes, when one parent is absent or emotionally unavailable, the child feels like a sexual partner can fill that place. This can create a feeling that the body, soul and spirit have mismatched genders.

**Hindi pagtanggap:** Nilikha ng Diyos ang pamilya upang punan ang pangangailangang emosyon ng isang bata, lalo na sa kaniyang paglaki na may malusog na pagtanggap sa kanyang kasarian. Kung nanlalamig ang magulang, pinipigil ang pagmamahal, at malayo ang emosyon sa anak, ito ay lumilikha ng pakiramdam ng hindi pagtanggap. Kung nararanasan mo ito, maari kang lumaki na may mahinang pang-unawa na kung sino ka sa iyong tunay na kasarian. Ang hindi pagtanggap o pagtalikod ng lalaki o babaeng magulang ay maaring lumikha ng pangangailangan ng katibayan ng kaniyang seksualidad. Maari na ang hindi pagtanggap ng magulang ay pwedeng makalikha ng maling pakiramdaman ng seksualidad. Minsan, kapag ang isang magulang ay wala o hindi maramdaman ang kanyang presensiya, pakiramdam ng bata na ang seksual na kapareha ang magpupuno ng mga pagkukulang na iyon. Lumilikha ito ng pakiramdam na ang katawan, kaluluwa at espiritu ay mayroong hindi magkahalintulad na kasarian.

**Sexual Spirits:** There are homosexual, lesbian and gender-confusion spirits that target children, families, and adults. These spirits specialize in thoughts about sexual attraction to the same sex or rejection of birth gender. These spirits can enter into a person's life from a movie, from a gay friend, from loneliness, rejection, pornography, social media, or music. There are also geographic areas that seem to have a higher population of sexual spirits. Sexual spirits often target a person who has experienced one of the other doorways: trauma, rejection, idolatry, or the world. Typically, sexual spirits put constant pressure onto a person by repeatedly placing false feelings and false thoughts

about sexual identity. Spirits entice by creating a false crush for the same sex. Other people can suddenly be attracted to you or attractive to you. This is a classic spiritual attack and the feelings are actually a lie. Sexual spirits torment with repeated thoughts and with fear. These enemies can use your thought voice. They can use your thought voice to reply to your own thoughts. This causes you to believe that you are thinking the thoughts of same-sex attraction or thoughts of rejecting your body's gender. Sexual spirits can also gain power in your life if you agree with them by rejecting your body's gender. As you agree with their thoughts, you become more convinced that you are homosexual, transgender, or bisexual.

**Seksual na Espiritu:** May mga espiritung bakla, tomboy at nanlilito ng kasarian na ang mga bata ang pinupuntirya, pamilya, at matatanda. Ang espiritung ito ay eksperto sa kaisipan patungkol sa pagkaakit sa kaparehong kasarian o hindi pagtanggap sa kasarian noong ipinanganak siya. Ang espiritung ito ay maaring pumasok sa katawan ng tao sa pamamagitan ng panonood ng sine, sa baklang kaibigan, sa kalungkutan, hindi pagtanggap, pornograpia, social media, o mga awitin. Mayroon ding mga lugar na maraming tao na may seksual na espirtu. Madalas na pinupuntirya ng seksual na espiritu ang taong nakaranas ng isa sa mga nagbukas ng pintong ito: troma, hindi pagtanggap, idolotria, o ang mundo. Karaniwan, ang espiritung seksual ay patuloy na namimilit sa tao sa pamamagitan ng paulit-ulit na itinatanim ang maling damdamin at maling kaisipan tungkol sa seksualidad. Nang-aakit ang espiritu sa pamamagitan ng maling paghanga sa kaparehong kasarian. Ang ibang tao ay pwedeng bigla na lang maaakit sa iyo o maakit ka sa kanila. Ito ay matagal nang klase ng pag-atake ng espiritu at ang pakiramdam na ito ay isang kasinungalingan. Ang seksual na espiritu ay nagpapahirap sa pamamagitan ng paulit-ulit na pag-iisip at pagkatakot. Ang mga kalabang ito ay pwedeng gamitin ang tinig ng iyong kaisipan. Magagamit nila ang tinig ng iyong pag-iisip para sumagot ka sa sarilin mong kaisipan. Ito ang nagpapapaniwala sa iyo para isiping maakit sa kaparehong kasarian o isiping huwag tanggapin ang sarili mong kasarian. Ang seksual na espiritu ay lumalakas din sa iyong buhay kung ikaw ay sasang-ayon sa kanila sa pamamagitan ng hindi pagtanggap sa sarili mong kasarian. Habang sumasang-ayon ka sa kanilang kaisipan, lalo kang nakukumbinse na ikaw ay isang bakla, tomboy, transgender, o bisexual.

**Summary: How to Be Authentic in Your Gender**
**Buod: Paano maging tunay sa iyong kasarian**

**Truth #5: Through a relationship with Jesus Christ, you can live your authentic gender.**
"Thus says the Lord, **your Redeemer,** and He **who formed you from the womb: 'I *am* the Lord, who makes all *things,*** Who stretches out the heavens all alone, Who spreads abroad the earth by Myself.'" Isaiah 44:24. God created YOU to think, feel, experience and live the gender that is authentic to YOU. Your authentic gender has sexual harmony between your body, soul and spirit. You are designed to glorify God with your gender. You are designed to glorify God with your lifestyle. God made you and He has chosen your sexual identity. He is the one who created you.

**Katotohanan #5: Sa pamamagitan ng relasyon kay Jesu-Kristo, maari kang mamuhay sa iyong tunay na kasarian.**
Sinasabi ng Panginoon, ang **iyong Mananakop**, ay Siya na **humubog sa iyo sa sinapupunan**: "**Akong si Yahweh**, na iyong Tagapagligtas, ang lumikha sa iyo: **Ako ang lumikha ng lahat ng bagay**. Ako lamang mag-isa ang nagladlad nitong kalangitan, at nag-iisa ring lumikha ng sanlibutan." Isaias 44:24. Nilikha ka ng Diyos upang mag-isip, damhin, maranasan at ipamuhay ang tunay na kasarian na para sa IYO. Ang tunay mong kasarian ay may seksual na kaugnayan sa pagitan ng iyong katawan, kaluluwa at espiritu. Ikaw ay nilikha upang luwalhatiin ang Diyos sa pamamagitan ng

klase ng iyong pamumuhay. Nilikha ka ng Diyos at Siya ang pumili ng iyong seksual na pagkakakilanlan. Siya ang lumikha sa iyo.

**Truth #6: Your spirit, soul and body were created in Jesus Christ to do God's works**.
"For **we are His workmanship, created in Christ Jesus for good works**, which God prepared beforehand that we should walk in them." Ephesians 2:10. You are a unique person with unique experiences and talents. Some of these experiences, characteristics, and talents may be viewed as male or as female in your culture. You must know that God's workmanship is not a mistake. He values your giftings and personality characteristics. Be confident that God made your spirit, soul and body with a gender that matches. Be confident in the interests, talents, and giftings that God has designed into you. God created you to do His good works, while you are living out your authentic, true gender. Read your Bible and find out what are the good works that God wants you to do. He doesn't want you to use a fake voice or use your body for worldly dancing. He doesn't want you to have crushes on people of the same sex. God doesn't want you to have homosexual fantasies. God doesn't want you to hate yourself. God wants you to love Him, value yourself, and love others with a pure love. God has a purpose for you, as you live out your authentic gender. Just like in the Bible Jeremiah was known, created and given a life purpose by God, you were known, created and given a life purpose. "Before I formed you in the womb, I knew you; **Before you were born, I sanctified you; I ordained you a prophet to the nations."** Jeremiah 1:5.

**Katotohanan #6: Ang iyong espiritu, kaluluwa at katawan ay nilikha sa pakikipag-isa kay Jesu-Kristo upang gawin ang gawain ng Diyos.**
"Kung ano **tayo ngayon ay gawa ng Diyos**, **at sa pakikipag-isa natin kay Cristo Jesus ay nilikha niya tayo para sa mabubuting gawa** na inihanda niya noong una pa man upang gawin natin." Efeso 2:10. Ikaw ay kakaibang tao na may kakaibang mga karanasan at mga talento. Ang ibang mga kanasang ito, mga katangian, at mga talento ay maaring makita bilang lalaki o babae sa inyong kultura. Kailangan mong malaman na ang gawa ng Diyos ay hindi isang pagkakamali. Pinahahalagahan niya ang iyong kakayahan at personalidad na mga katangian. Magtiwala sa iyong mga naisin, mga talento at mga kaloob na idinisenyo ng Diyos sa iyo. Nilikha ka ng Diyos para gawin ang Kaniyang mabuting gawa, habang namumuhay ka sa iyong tunay, totoong kasarian. Basahin mo ang iyong Biblia at alamin kung ano ang mga mabubuting gawa na nais ng Diyos na ipagawa sa iyo. Ayaw niyang gamitin mo ang iyong hindi totoong boses o gamitin mo ang iyong katawan para sumayaw ng mga makamundong sayaw. Ayaw Niyang magkaroon ka ng mga crush sa kaparerhong kasarian. Ayaw ng Diyos na magkaroon ka ng pantasya sa kaparehong kasarian. Ayaw ng Diyos na kamuhian mo ang iyong sarili. Ibig ng Diyos na mahalin mo Siya, pahalagahan ang iyong sarili, at mahalin ang kapwa ng may malinis na pagmamahal. May naisin ang Diyos sa iyo, habang ipinamumuhay mo ang iyong tunay na kasarian. Tulad ng nasa Biblia nakilala si Jeremias, nilikha at binigyan ng Diyos ng layunin sa buhay, kilala ka, nilikha at binigyan ng layunin sa buhay. "**Bago** ka pa ipinaglihi at **ipanganak ay pinili na kita upang maging propeta para sa lahat ng bansa**." Jeremias 1:5.

**Truth #7: If you are a believer, God knew you before He created the world.**
"Just as **He chose us in Him before the foundation of the world**, that we should **be holy and without blame before Him in love."** Ephesians 1:4. God knew YOU and He created you to be your authentic gender. He created you to be morally pure and without guilt. This is the hope for all believers. Jesus Christ paid for all of His family's gender confusion and sexual sins. He also gives each believer an alive spirit that is connected to God and has the power to feel, decide, and live out the gender authentic to his or her spirit, soul and body.

**Katotohanan #7: Kung ikaw ay mananampalataya, Kilala ka na Niya bago pa Niya likhain ang mundo.**
"**Bago pa likhain ang sanlibutan ay pinili na niya tayo** upang maging kanya sa pamamagitan ng ating pakikipag-isa kay Cristo at upang tayo'y **maging banal at walang kapintasan sa harap niya**. Dahil sa pag-ibig ng Diyos." Efeso 1:4. Kilala ka ng Diyos at nilikha ka Niya upang maging tunay sa iyong kasarian. Nilikha ka niya upang maging malinis ang moral at walang kasalanan. Ito ang inaasahan sa lahat ng mananampalataya. Binayaran ni Jesus ang lahat ng pagkalito ng pamilya sa kasarian at mga sexual na kasalanan. Binibigyan din ang bawat mananampalataya ng buhay na espiritu na konektado sa Diyos at may kapangyarihang makaramdam, magdesisyon, at ipamuhay ang tunay na kasarian sa kaniyang espiritu, kaluluwa at katawan.

**Being the Authentic You**
You were created to glorify God and enjoy Him. This means that you are unique, creative, smart, kind and talented. God's purpose is for you to be a mirror to reflect His attributes. God's purpose is for you to worship Him and enjoy a daily relationship with Him. This is why Jesus Christ came to live, die and resurrect. Jesus Christ lived God's purpose out perfectly. Jesus Christ bled and died to pay for your failure to glorify God and enjoy Him. Jesus Christ was successful and became a live again. Jesus has promised to give this eternal life to anyone who will repent and turn to Him for salvation. Through a relationship with Jesus Christ, you can live your purpose. You can glorify God by being the person that He created you to be. **"Delight yourself also in the Lord, and He shall give you the desires of your heart."** Psalm 37:4. Invest time in learning who God is and spend time with Him. When you focus on your vertical relationship with God, He will help you find satisfaction in being the real you. If you focus on God and His word, God will adjust your feelings and desires to match His purpose for you and your gender. God will fill up your life with the desires that He plants in your heart. It will be much, much more satisfying than chasing the false desires of your heart. Let God adjust your heart, as you spend time with Him and in His Word. "I have written to you, young men, because you are strong, and **the word of God abides in you,** and **you have overcome the wicked one."** 1 John 2:14b.

**Pagiging Tunay na Ikaw**
Ikaw ay nilikha upang papurihan ang Diyos at kasiyahan Siya. Ang ibig sabihin nito ay ikaw ay kakaiba, malikhain, matalino, mabait at talento. Ang layunin ng Diyos sa iyo ay maging salamin ng Kaniyang mga katangian. Ang layunin ng Diyos sa iyo ay sambahin Siya at magsaya sa araw-araw na kasama Siya. Ito ang dahilan kaya dumating si Jesu-Kristo upang mabuhay, mamatay at muling mabuhay. Ipinamuhay ni Jesu-Kristo nang perpekto ang layunin ng Diyos. Sinugatan at namatay si Jesu-Kristo para bayaran ang iyong kabiguang papurihan ang Diyos at kasiyahan Siya. Naging matagumpay si Jesu-Kristo at muling nabuhay. Ipinangako ni Jesu-Kristo na bibigyan Niya ng buhay na walang hanggan sa sinumang magsisi sa kasalanan at lalapit sa Kanya para sa kaligtasan. Sa pamamagitan ng relasyon kay Jesu-Kristo, maipapamuhay mo ang layunin mo. Mapapapurihan mo ang Diyos sa pagiging tao na kung paano ka Niya nilikha. "**Kay Yahweh mo hanapin ang kaligayahan, at ang pangarap mo'y iyong makakamtan.**" Mga Awit 37:4. Maglaan ng oras na matutunan kung sino ang Diyos at maglaan ng oras sa Kaniya. Kung nakatuon ka sa iyong relasyon sa Diyos, tutulungan ka Niyang makita ang iyong kaligayahan sa pagiging tunay na ikaw. Kung nakatuon ka sa Diyos at sa Kaniyang salita, aayusin Niya ang iyong nararamdaman at naisin upang umayon sa Kaniyang layunin sa iyo at sa iyong kasarian. Pupunan ng Diyos ang iyong buhay ng pagnanais na Kaniyang itinanim sa iyong puso. Ito ay sobra-sobra, ito ay sobrang kasiya-siya kaysa sa paghahangad sa maling layunin ng iyong puso. Hayaan mong ayusin ng Diyos ang puso mo, habang ginugugol mo ang iyong oras sa Kaniya at sa Kaniyang Salita. "Sumusulat ako sa inyo, mga

kabataan, sapagkat malalakas kayo; **nananatili sa inyo ang salita ng Diyos**, at **napagtagumpayan na ninyo ang masama."** 1 Juan 2:14b.

**Free to be Your Authentic Gender**

Everyone that Jesus Christ sets free can have true freedom. As a believer, Jesus Christ has given you the authority to tell demonic attackers to leave. You can examine your thoughts and feelings and decide which are based on God's truth and which are false. You can give those thoughts to Jesus Christ and tell the demonic attacker to leave in Jesus' name. Below are prayers and proclamations to help you be free.

**Malaya sa Iyong Tunay na Kasarian**

Ang bawat isa na pinalaya ni Jesus ay magkakaroon ng tunay na kalayaan. Bilang isang mananampalataya, binigyan ka ni Jesu-Kristo ng kapangyarihan na sabihan ang mga umaatakeng demonyo na layuan ka. Maari mong eksaminin ang iyong pag-iisip, mga nararamdaman at magdesisyon kung alin ang ayon sa katotohanang nagmumula sa Diyos at alin ang kasinungalingan. Maari mong ibigay kay Jesu-Kristo ang mga naiisip mong iyan at sabihin sa demonyong umaatake sa iyo na layuan ka sa pangalan ni Jesus. Sa ibaba ay ang mga panalangin at pagpapahayag upang matulungan kang makalaya.

**Prayer for God's Protection**

"Dear Heavenly Father, I cover myself, my family members (name them) and my pets with the blood of Jesus Christ. Holy Spirit, please send your angels to protect me and my family from spiritual attackers and from spirits of retribution. In the name of the Lord Jesus Christ, I bind any spirits with me from transferring into anyone in my household or from attacking me or anyone in my family physically, mentally or spiritually.[i] In Jesus' mighty name, amen."

**Panalangin Para sa Proteksiyon ng Diyos**

"Diyos Amang Nasa Langit, tinatakluban ko ang aking sarili, ang miyembro ng aking pamilya (pangalan nila) at ang aking mga alagang hayop sa dugo ni Jesu-Kristo. Banal na Espiritu, ipadala po Ninyo ang inyong mga anghel upang proteksiyunan ako at ang aking pamilya mula sa espiritual na umaatake at mula sa espiritu ng paghihiganti. Sa pangalan ng Panginoong Jesu-Kristo, tinatalian ko ang anumang espiritu na nasa akin para hindi lumipat sa sinumang miyembro ng aking tahanan o pag-atake sa akin o sa kahit sino sa aking pamilya sa pisikal man, mental o espiritual.[ii] Sa makapangyarihang pangalan ni Jesus, amen."

**Truth Proclamation: Say this out loud.**

"Heavenly Father, I know that you created my spirit, soul and body with the same gender. You word is true and I trust you. I repent of gender confusion. Jesus, thank you for dying on the cross to deliver me from my sin, shame, and my guilt. Thank you that I can be a new creation in Christ. Thank you for the authentic sexual identity that You've created for me. I reject the spirit of lust. I reject homosexual and lesbian spirits. In the mighty name of the Lord Jesus Christ, spirits of lust and self-rejection leave me now. (big breath out) In the name of Jesus Christ, lesbian and homosexual spirits leave me now. I reject all intentional or unintentional agreements that I've made with you. (big breath out) Jesus Christ is the King of my sexual identity. King Lust, I take your throne, scepter, robe, and crown and give them to Jesus. In Jesus' mighty name, King Lust leave me now.[iii] (big breath out) I belong to Jesus Christ, and I trust in Jesus Christ as my Lord and Savior. Holy Spirit, please clean out my soul and my body from all false sexual identity thoughts, experiences, beliefs, and actions. Please fill me up with worship of God, the truth of God and with a healthy, authentic sexual identity.

Please send your angels to protect me. In Jesus' name, Amen."

**Pagpapahayag ng Katotohanan: Sabihin ito nang malakas.**
"Amang nasa Langit, alam kong nilikha mo ang aking espiritu, kaluluwa at katawan na may iisang kasarian. Totoo ang Iyong salita at nagtitiwala ako sa Iyo. Akin pong hinihingi ng tawad ang aking pagkalito sa aking kasarian. Jesus, salamat sa pagkamatay mo sa krus upang iligtas ako sa aking mga kasalanan, kahihiyan, at sa pagkakasala. Salamat dahil maari akong maging isang bagong nilalang sa pamamagitan ni Jesus. Salamat sa tunay kong seksual na pagkakakilanlan na nilikha mo para sa akin. Aking itinatakwil ang espiritu ng pagnanasa. Aking itinatakwil ang espiritu ng pagkabakla at pagkatomboy. Sa makapangyarihang pangalan ng Panginoong Jesu-Kristo, espiritu ng pagnanasa at pagtakwil sa sarili layuan mo ako, ngayon din. (huminga ng malakas papalabas ang hangin) Sa pangalan ni Jesu-Kristo, espiritu ng Pagkatomboy at pagkabakla iwanan mo na ako ngayon din. Itinatakwil ko ang lahat ng sinasadya o hindi sinasadyang pakikipagkasundo na ginawa ko sa iyo. (huminga ng malakas papalabas ang hangin) Si Jesu-Kristo ang hari ng aking seksual na pagkakakilanlan. Hari ng pagnanasa, kinukuha ko ang iyong upuan, setro (kapangyarihan), roba, at korona at aking ibinibigay kay Jesus. Sa makapangyarihang pangalan ni Jesus, Hari ng pagnanasa iwam mo ako, ngayon din. [iv] (huminga ng malakas papalabas ang hangin) Ako ay para kay Jesu-Kristo, at ako'y nagtitiwala kay Jesu-Kristo bilang aking Panginoon at Tagapagligtas. Banal na Espiritu linisin mo ang aking kaluluwa at ang aking katawan mula sa aking maling pag-iisip sa seksual na pagkakakilanlan, mga karanasan, paniniwala, at mga gawa. Punuin mo ako ng pagsamba sa Diyos, sa katotohanan ng Diyos at sa malusog, tunay na seksual na pagkakakilanlan. Ipadala mo ang Iyong mga anghel upang proteksiyunan ako. Sa pangalan ni Jesus, amen."

**Cleansing Prayer**
"Holy Spirit, please clean where the spirit of lust was living and please fill me with holiness, contentment and self-control. Please clean every body part that I have used for sexual immorality. Please clean my eyes, my mind, and my soul. Please clean my conscience. Please clean where the sexual spirits of gender confusion, (lesbian), and homosexuality were living. Please fill me up with contentment and a sense of your acceptance and presence. Fill me with a hunger for your word. Please delete the ungodly images and memories that I have in my mind. Please give me the mind of Christ! In Jesus' name, amen."

**Panalangin ng paglilinis**
"Banal na Espiritu, Linisin po Ninyo ang lugar kung saan nananahan ang espiritu ng pagnanasa at puspusin po Ninyo ako ng kabanalan, pagiging kuntento at pagpipigil sa sarili. Linisin po Ninyo ang lahat ng bahagi ng aking katawan na ginamit sa sexual na imoralidad. Linisin po ninyo ang aking mga mata, isipan, at ang aking kaluluwa. Linisin din po Ninyo ang aking konsensiya. Linisin po Ninyo kung saan naninirahan ang espiritu na nagpapalito ng aking kasarian, (tomboy), at pagkabakla. Puspusin po Ninyo ako ng pagkakuntento at maramdaman ang Iyong pagtanggap at presensiya. Puspusin po Ninyo ako ng pagkagutom sa Iyong salita. Burahin po Ninyo ang hindi makadiyos na imahe at mga ala-ala na nasa aking isipan. Ipagkaloob po Ninyo sa akin ang isipan ni Kristo! Sa pangalan ni Hesus, amen"

**If Gender Confusion is a Family Issue (Say this out loud.)**
"Dear Heavenly Father, I come to you with this problem of gender confusion. It is sin and is a problem for my family. It was a problem for my (relative's name), my (list all relatives you know who had this sin) and is a problem for me. I repent on behalf of my ancestors, my family, and me for this sin of (sin's name) and I turn from it. Please forgive my ancestors, and my family and me for this sin of

(sin's name). Holy Spirit, Please cut off this generational spirit of gender confusion from my family and from me." "Generational spirit of gender confusion I cut you off from me and my family with the sword of the Spirit. I break you with the blood of Jesus. In the mighty name of the Lord Jesus Christ, I command you to leave me, my family, my children, and my descendants now and forever! Generational spirit of gender confusion I command you to go to Jesus Christ to receive your judgement." (blow a big breath out.) Repeat this prayer for: 1. generational spirit of lust 2. generational spirit of sexual perversion.

**Kung Problema ng Pamilya ang Pagkalito sa Kasarian (Sabihin ito nang malakas.)**
"Mahal na Amang nasa Langit, lumalapit ako sa inyo na may problema sa pagkalito sa aking kasarian. Ito po ay isang kasalanan at nagbibigay ng problema sa aking pamilya. Problema para sa aking (pangalan ng kamag-anak), sa aking (mga kamag-anak na may ganitong kasalanan) at problema para sa akin. Humihingi po ako ng kapatawaran para sa aking mga ninuno, aking pamilya, at para sa akin para sa kasalanan sa (pangalan ng kasalanan) tinatalikuran ko na ito. Patawarin po Ninyo ang aking mga ninuno, at ang aking pamilya at ako para sa kasalanan sa (pangalan ng kasalanan). Banal na Espiritu, putulin po Ninyo ang espiritu ng hene-henerasyong pagkalito sa kasarian ng aking pamilya at sa akin." "Hene-henerasyong espiritu ng pagkalito pinuputol kita sa buhay ko at sa aking pamilya sa pamamagitan ng espada ng Espiritu. Winawasak kita sa dugo ni Jesus. Sa makapangyarihang pangalan ni Jesu-Kristo, inuutusan kitang iwanan na ako, ang aking pamilya, ang aking mga anak, at pati ang aking mga kaapo-apuhan ngayon at magpakailan man! "Hene-henerasyong espiritu ng pagkalito inuutusan kitang pumunta kay Jesu-Kristo para tanggapin ang iyong kaparusahan." (huminga ng malakas papalabas ang hangin.) Ulitin ang panalanging ito para sa: 1. Hene-henerasyong espiritu ng pagnanasa 2. Hene-henerasyong espiritu ng seksual na kabuktutan.

**Cutting Ties With Sexual Partners**
If you have had sexual relations with anyone **other than your spouse,** you need to say the following prayer for each person's name. If you have had a porn addiction and watched specific pornographic actors, say their names also in the following prayer out loud. (The tie that connects people is invisible. The relationship no longer exists, but there is an ungodly connection that exists called "soul connection" or "ungodly soul connection.")

**Make a list of names:** Any person that you have had sexual contact with and any pornographic actors that you have watched.

**Pray the following prayer for each name.** Insert the name in the blank lines. (Pray out loud).
"In the name of the Father, the Son and the Holy Spirit, I break all ungodly spirit, soul and body ties that have been established between me and (name of sexual partner). I sever the linking supernaturally and ask God to remove from me all influences of (name of sexual partner), and I draw back to myself every part which has been wrongfully tied in bondage to (name of sexual partner). I now speak directly to every evil spirit that has taken advantage of this ungodly soul tie. You no longer have any rights here, and I order you to leave now without hurting or harming me or any other person, and without going into any other member of my family. In Jesus's name amen!"[vvi]

**Putulin ang Relasyon sa Sexual na mga Kapareha**
Kung ikaw ay may sexual na karelasyon **bukod pa sa iyong asawa**, kailangan mong sabihin ang mga sumusunod na panalangin para sa bawat pangalan ng tao. Kung ikaw ay nalulong sa pornograpiya at pinanunuod ang espisipikong artistang lalaki ng pornograpiya, sabihin rin nang

malakas ang pangalan nila sa sumusunod na panalangin. (Hindi nakikita ang taling nag-uugnay sa pagitan ng mga tao. Ang relasyon ay hindi na namamalagi, pero mayroong hindi makadiyos na koneksiyon na umiiral na tinatawag na “ugnayan ng kaluluwa” o “hindi makadiyos na ugnayan ng kaluluwa.”)

**Gumawa ng listahan ng mga pangalan:** Kahit sino na nagkaroon ka ng seksual na relasyon at mga artisatang pornograpiya na iyong pinanood.

**Ipanalangin ang mga sumusunod na panalangin sa bawat pangalan:** Ilagay ang pangalan sa patlang. (Sabihin ito nang malakas.)
“Sa pangalan ng Ama, ng Anak at ng Banal na Espiritu, pinuputol ko ang lahat ng taling nag-uugnay sa akin sa hindi makadiyos na espiritu, kaluluwa, katawan at ang anumang namagitan sa amin ni (pangalan ng seksual na naging kapareha). Pinuputol ko ang pagkaibig sa hindi pangkaraniwang relasyon at hinihingi ko sa Diyos na alisin sa akin ang lahat ng naging impluwensiya ni (pangalan ng seksual na naging kapareha) noon, at bumabalik ako sa aking sarili ang bawat bahagi na nagkaroon ng maling pakikipag-ugnayan at pagkaalipin kay (pangalan ng seksual na naging kapareha). Kinakausap ko ang bawat masamang espiritu na nagsamantala sa hindi makadiyos na kaugnayan ng aking kaluluwa. Wala ka nang karapatan dito, at inuutusan kitang umalis nang hindi ako sinasaktan o sinumang tao, at huwag nang pumunta sa sinumang miyembro ng aking pamilya. Sa pangalan ni Jesus, amen!” [vii][viii]

**Truth Statement: “Therefore, if anyone *is* in Christ, *he is* a new creation; old things have passed away; behold, all things have become new.” 2 Corinthians 5:17**. “As a believer, I get to be the person that God created me to be. My spirit, soul and body are all aligned and have one matching gender. I am created to glorify God and enjoy Him forever. The old things are gone. I am a new creation in Christ.”

**Katotohanang Pahayag: “Kaya't kung nakipag-isa na kay Cristo ang isang tao, isa na siyang bagong nilalang. Wala na ang dati niyang pagkatao, sa halip, ito'y napalitan na ng bago.” 2 Mga Taga Corinto 5:17. “**Bilang isang mananampalataya, ako ay naging isang tao na dapat maging ayon sa likha ng Diyos. Ang aking espiritu, kaluluwa at katawan ay tugma sa isat-isa at may iisang magkakahalintulad na kasarian. Ako ay nilikha para parangalan ang Diyos at magalak sa Kaniya habambuhay. Wala na ang dating mga bagay. Ako ay bago nang nilalang kay Kristo.”

---

[i] Buys, Amanda. “Prayers of Renunciation - Jehovah’s Witnesses.” Kanaan Ministries, www.kanaanministries.org/wp-content/uploads/2019/02/Prayers-Of-Renunciation-JEHOVAHS-WITNESSES.pdf.
[ii] Buys, Amanda. “Prayers of Renunciation - Jehovah’s Witnesses.” Kanaan Ministries, www.kanaanministries.org/wp-content/uploads/2019/02/Prayers-Of-Renunciation-JEHOVAHS-WITNESSES.pdf.
[iii] Piper, Aureole. *God’s Way Out of Pornography*. Queensland, Australia, Freedom in Christ Ministries, 2019, p. 46.
[iv] Piper, Aureole. *God’s Way Out of Pornography*. Queensland, Australia, Freedom in Christ Ministries, 2019, p. 46.
[v] Horrobin, Peter. *Healing through Deliverance: The Foundation and Practice of Deliverance Ministry*. Sovereign World Ltd, 2021.
[vi] Wagner, Doris. *How to Cast Out Demons: A Guide to the Basics*. Reprint, Chosen Books, 2000.
[vii] Horrobin, Peter. *Healing through Deliverance: The Foundation and Practice of Deliverance Ministry*. Sovereign World Ltd, 2021.
[viii] Wagner, Doris. *How to Cast Out Demons: A Guide to the Basics*. Reprint, Chosen Books, 2000.
Lahat ng Tagalog ng talata sa Biblia ay Kinuha sa Magandang Balita Biblia *Copyright © 2005 by Philippine Bible Society.*
All English verses are from the New King James Version *Copyright © 1982 by Thomas Nelson, Inc*.